



# Pag-aalaga ng Sanggol at Bata

Isang gabay upang tulungan ang mga impormal na tagapag-alaga na gawing mas magaan at maayos ang pag-aalaga sa sanggol at bata





# Nilalaman

---

<b>Panimula</b>	1
<b>Checklist para sa mga Magulang</b>	3
<b>Mga Sanggol</b>	5
Stage 1: Bagong Panganak	5
Stage 2: Sanggol (4-7 buwan)	7
Gabay para sa Choking Emergency	9
Stage 3: Sanggol (8-12 buwan)	11
<b>Batang Paslit</b>	13
<b>Preschool</b>	19
<b>Pagbabakuna</b>	24
<b>Pangangalaga sa Sarili ng Tagapag-alaga</b>	25
<b>Madalas na Katanungan</b>	28
<b>Suporta at Koneksyon</b>	29
<b>Seksyon para sa Tala</b>	30
<b>Mga Sanggunian</b>	37



Maligayang pagbati mula sa Heart in Hand! Ang guidebook na ito ng Heart in Hand ay tungkol sa **Pag-aalaga ng Sanggol at Bata** – kasama na ang pagsuporta sa paglaki, kalusugan, at kabutihan ng iyong anak. Ikaw man ay bagong magulang o tagapag-alaga, ang gabay na ito ay idinisenyo upang magbigay ng mapagkakatiwalaang impormasyon, mga payong madaling sundan, at espasyon para maitala ang mga milestone at rekord ng kalusugan ng iyong anak.

Sa loob nito, makikita mo ang mahahalagang yugto ng pag-unlad kasama ang mga angkop na estratehiya sa pag-aalaga, mga alituntunin sa kaligtasan, at mga checklist ng milestone na naaayon sa bawat yugto. Mayroon din itong mga paalala para sa sariling pangangalaga ng mga tagapag-alaga at mga kapaki-pakinabang na template, kabilang ang mga talaan ng pagbabakuna at gamot, upang matulungan kang manatiling organisado at suportado sa buong paglalakbay bilang tagapag-alaga. Ang bawat seksyon ay idinisenyo upang mas maunawaan mo ang pangangailangan ng iyong anak at makabuo ng mga gawi na nagtataguyod ng malusog na pag-unlad sa isang mapag-aruga at mapagmahal na kapaligiran.

Ang pagiging magulang at tagapag-alaga ay may kasamang saya at mga hamon. Nandito ang gabay na ito upang gawing mas madali ang paglalakbay na iyon – nagbibigay ng kaalaman, istruktura, at paghihikayat sa bawat hakbang ng daan.

# Checklist para sa mga Magulang

## Pangunahing Impormasyon

Pangalan: \_\_\_\_\_

Palayaw: \_\_\_\_\_

Lalaki

Babae

Petsa ng Kapanganakan: \_\_\_\_\_

Berbal

Di-berbal

Mga bagay na nagpapakalma: \_\_\_\_\_

## Araw-Araw na Gawain

	Time	Details/Notes
Oras ng Paggising		
Oras ng Pagtulog		
Iskedyul ng Pag-idlip		
Oras ng Pagkain		
Potty/Diaper Routine		

Oras ng pagkain/pagmeryenda at nais na dami ng pagkain: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Paboritong Pagkain at Inumin: \_\_\_\_\_

Pagkaing ayaw o tinatanggihan: \_\_\_\_\_

Gawi sa pagliligo o kalinisan (kung naaangkop): \_\_\_\_\_

## Kalusugan at Allergies

Allergies (pagkain, kapaligiran, gamot): \_\_\_\_\_

Mga palatandaan/sintomas ng allergic reaction na natatangi sa iyong anak: \_\_\_\_\_

Mga gamot: \_\_\_\_\_

Kondisyong medikal (hal. hika, eczema, diabetes): \_\_\_\_\_

Pangalan at contact information ng doctor:

\_\_\_\_\_ No. \_\_\_\_\_

Emergency contacts (maliban sa mga magulang):

\_\_\_\_\_ No. \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ No. \_\_\_\_\_

Status ng Pagbabakuna: \_\_\_\_\_

## Pagkain at Nutrisyon

Espesyal na restriksyon sa pagkain (vegetarian, halal, lactose-free, atbp.)

\_\_\_\_\_

Pinipiling uri ng gatas (breast milk, formula, whole milk, 2%, 1%, o skim milk) \_\_\_\_\_

Mga tagubilin sa pagpapakain gamit ang bote o paghahanda ng pagkain


\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Karaniwang antas ng gana sa pagkain (malakas kumain, mahina kumain, picky eater) \_\_\_\_\_

Mga pagkaing dapat iwasan (choking hazard, strong dislike, restriksyon)

\_\_\_\_\_



## Mga Sanggol (0-12 buwan)

Ang unang taon ng iyong sanggol ay panahon ng mabilis na paglaki at pagbabago. Mula sa unang sosyal na ngiti hanggang sa unang mga hakbang, bawat yugto ay may kasamang kapana-panabik na mga milestone at bagong responsibilidad. Ang pag-unawa sa mga yugtong ito ay makakatulong sa iyo na mag-alaga nang may kumpiyansa, suportahan ang pag-unlad, at panatilihin ang ligtas at malusog ang iyong munting anak.

### Stage 1: Bagong Panganak (0–3 buwan)

Sa mga unang buwan, ang iyong sanggol ay nag-aadjust sa buhay sa labas ng sinapupunan. Ang yugtong ito ay tungkol sa pagbuo ng ugnayan, seguridad, at mga banayad na routine.

#### A. Mga Milestone sa Pag-unlad

**Pisikal:** Itinataas ang ulo at dibdib habang nasa tummy time, nag-uunat at pinapadyak ang mga paa, bumubukas at nagsasara ng mga kamay, dinadala ang kamay sa bibig, kumakapit at inuuga ang maliliit na laruan.

**Sosyal at Emosyonal:** Nagkakaroon ng sosyal na ngiti, nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, ginagaya ang ilang ekspresyon ng mukha.

**Sensory:** Sinusundan ang gumagalaw na bagay, nakikilala ang pamilyar na mga mukha mula sa malayo, mas gusto ang matamis na amoy at malalambot na texture.

## B. Mga Tip sa Pag-aalaga



- Magkaroon ng maraming skin-to-skin contact at mag-set ng kalmadong routine.



- Tumugon sa pag-iyak—nagpapatibay ito ng tiwala at ugnayan.



- Magbigay ng tummy time araw-araw upang makatulong sa pagpapalakas ng leeg at itaas na bahagi ng katawan.




- Makipag-usap, kumanta, at magbasa sa iyong sanggol—gustong-gusto nilang marinig ang iyong boses.

## C. Kaligtasan at Kalusugan



- Palaging ilagay ang iyong sanggol na nakatalikod kapag natutulog.



- Panatiliing walang malambot na bedding, unan, at maluwa na kumot sa crib.



- Sundin ang iskedyul ng pagbabakuna at regular na checkup na itinakda ng pediatrician.



- Gumamit ng upuang pambata na nakahrap sa likuran sa lahat ng biyahe sa sasakyan.

## Stage 2: Sanggol (4–7 Buwan)

Ang iyong sanggol ay nagiging mas malikot at mausisa. Ang yugtong ito ay nakatuon sa paggalugad, pakikipag-ugnayan, at pag-unlad ng motor skills.

### A. Mga Milestone sa Pag-unlad

**Pisikal:** Nakakakiling sa magkabilang direksyon, nakaupo na may o walang suporta, kayang suportahan ang sariling bigat gamit ang mga binti, umaabot gamit ang isang kamay, nagpapalipat-lipat ng mga bagay, gumagamit ng raking grasp o pagkuha gamit ang buong kamay at daliri.


**Sosyal:** Nasisiyahan sa social play, nahihilig tumingin sa mga salamin, tumutugon sa mga emosyonal na ekspresyon, madalas na masaya.

**Kognitibo:** Nakakahanap ng bahagyang natagong mga bagay, ginagamit ang kamay at bibig upang kilalanin ang mga bagay, sinusubukang abutin ang mga bagay na nasa labas ng abot.

## B. Mga Tip sa Pag-aalaga



- Magbigay ng mga laruang hinihikayat ang pag-abot at paghawak.



- Makipag-usap, kumanta, at magbasa nang regular upang suportahan ang pag-unlad ng wika.



- Suportahan ang ligtas na pag-upo at payagan ang paglalaro sa sahig upang mapalakas ang lakas at balanse.




- Simulan ang pagpapakain sa pamamagitan ng pag-aalok ng malambot o dinurog na pagkain.

## C. Kaligtasan at Kalusugan



- Simulan ang baby-proofing ng bahay—dumarami na ang kakayahang gumalaw ng sanggol.



- Ilayo ang maliliit na bagay at mga panganib sa pagkabulunan.



- Alamin ang mga pangunahing lunas na dapat ibigay kapag nabulunan.

# Gabay kapag Nabulunan (Para sa may Malay na Sanggol)

## 1. Tumawag ng Tulong

- Sumigaw agad upang humingi ng tulong.
- Huwag iwanan ang sanggol, ngunit hilingin sa sinumang malapit na tumawag sa mga serbisyong pang-emergency.

## 2. Magbigay ng 5 Back Blows


- Ilagay ang sanggol nang nakadapa sa iyong braso o hita, nakaharap pababa.
- Suportahan ang ulo at leeg, siguraduhing mas mababa ang ulo kaysa sa katawan.



## 3. Magbigay 5 Pagtulak sa Dibdib

Kung hindi pa natatanggal ang nakabara:

- Ibalik ang sanggol nang nakatihaya sa iyong bisig, siguraduhing mas mababa ang ulo kaysa sa dibdib.
- Ilagay ang dalawang daliri sa gitna ng dibdib ng sanggol, bahagyang ibaba sa linya ng mga utong.



#### **4. Ulitin ang Siklo**

Patuloy na ulitin:

- 5 hampas sa likod
- 5 pagtulak sa dibdib
- Mabilis na itulak pababa ng 5 beses

Ulitin hanggang sa:

- Matanggal ang nakabara
- Makahinga o makaiyak ang sanggol
- Magkaroon ng malay ang sanggol

#### **5. Suriin ang Bibig ng Sanggol**

- Sa pagitan ng bawat siklo, suriin ang bibig ng sanggol.
- Tanggalin lamang ang nakabara kung ito ay malinaw na nakikita.
- Huwag ipasok ang daliri kung hindi nakikita ang nakabara dahil maaari nitong itulak ang nakabara nang mas malalim.

#### **6. Kailan HINDI Dapat Makialam:**

Kapag ang sanggol ay:

- Malakas na umuubo
- Umiiyak
- Normal na humihinga

**Huwag makialam. Hayaan ang sanggol na umubo, dahil ito ang pinaka-epektibong paraan upang maalis ang nakabara sa daanan ng hangin.**

## Stage 3: Sanggol (8–12 Buwan)

Sa yugtong ito, ang iyong sanggol ay palipat-lipat na at natutuklasan ang pagiging independyente. Ito ay panahon para hikayatin ang ligtas na paggalugad at paglinang ng maagang komunikasyon.

### A. Mga Milestone sa Pag-unlad

**Pisikal:** Gumagapang, humihila para tumayo, maaaring magsimulang maglakad.

**Sosyal:** Maaaring magpakita ng hiya sa mga estranghero, nasisiyahan sa mga laro tulad ng peek-a-boo, tumutugon sa salitang “hindi.”

**Kognitibo at Wika:** Naiintindihan ang simpleng utos, gumagamit ng mga galaw tulad ng pagwawagayway, nagsasabing “mama” o “dada” (hindi pa laging tumutukoy sa mga magulang).



#### Paalala para sa mga Magulang:

Ang paraan ng iyong pakikipag-usap, paglalaro, at pagtugon sa unang 12 buwan ay naglalatag ng pundasyon para sa emosyonal na seguridad, kasanayan sa wika, at pisikal na pag-unlad ng iyong anak. Ang bawat milestone ay isang sabayang paglalakbay—ipagdiwang ang maliliit na tagumpay at pagtiwalaan ang iyong kutob.

## B. Mga Tip sa Pag-aalaga



- Hikayatin ang ligtas na paggalugad— natututo ang mga sanggol sa pamamagitan ng paggalaw.




- Mag-alok ng malalambot na finger foods habang nagsisimulang siyang kumain mag-isa.



- Magbasa ng mga libro at isalaysay ang mga pang-araw-araw na gawain upang mapalakas ang kasanayan sa wika.


## C. Kaligtasan at Kalusugan



- Mag-install ng baby gates, takpan ang mga outlet, at siguraduhin ang mga kasangkapan sa bahay.



- Magbantay lalo na sa hagdan, tubig, at mga lugar na maaaring akyatin.



- Panatiliing madaling maabot ang mga emergency number at first aid kit.



## Batang Paslit (1-3 Taon)

Ang mga batang paslit ay mausisa, masigla, at sabik tuklasin ang kanilang mundo. Sa yugtong ito, mabilis na umuunlad ang kanilang kasanayang pampaggalaw, kakayahan sa wika, at sosyal na pagiging independyente. Ang mga tagapag-alaga ay may mahalagang papel sa pagsuporta sa paglaking ito sa pamamagitan ng istrukturadong routine, ligtas na espasyo, at mapag-arugang pakikipag-ugnayan.

## **A. Mga Milestone sa Pag-unlad**

### **Pisikal na Pag-unlad**

- Nakakalakad nang mag-isa; nagsisimulang tumakbo at umakyat.
- Gumagamit ng kubyertos at nagsisimulang kumain nang mag-isa.
- Bumubuti ang koordinasyon sa pamamagitan ng aktibong paglalaro.

### **Pag-unlad ng Wika**

- **1-2 taon:** Nagsasalita ng simpleng salita at parirala, sumusunod sa mga simpleng panuto.
- **2-3 taon:** Kaya nang sabihin ang kanilang pangalan at edad, gumamit ng maiikling pangungusap, at kumanta ng simpleng kanta.

### **Sosyal at Emosyonal na Pag-unlad**

- Nagpapakita ng pagiging independyente, maaaring magkaroon ng tantrums.
- Nakikipaglaro sa tabi ng ibang bata (parallel play).
- Nagsisimulang maglaro ng kunwari-kunwarian at ginagaya ang mga aksyon ng matatanda.

## **B. Mga Tip sa Pagiging Magulang**

### **Para sa 1–2 Taong Gulang:**

- Magbasa sa iyong batang paslit araw-araw upang mapaunlad ang kasanayan sa wika.
- Hilingin sa kanila na ituro o pangalanan ang mga bagay at bahagi ng katawan.
- Maglaro ng simpleng matching games (hal. shape sorting, puzzles).
- Hikayatin ang pagiging independyente—hayaan silang tumulong sa pagsusuot at pagkain.
- Mas tumugon sa gustong pag-uugali kaysa sa pagparusa sa hindi gustong pag-uugali. Gumamit ng maikling time-outs kapag kinakailangan.
- Magkaroon ng maiikling “field trips” (hal. parke, pagsakay sa bus) upang mapukaw ang kanilang pagkamausisa.

### **Para sa 2–3 Taong Gulang:**

- Maglaan ng oras para magbasa ng mga libro at magturo ng simpleng kanta o tugma.
- Hikayatin ang pretend play at paggalugad.
- Tulungan ang iyong anak na ipahayag ang nararamdaman gamit ang mga salita.
- Purihin ang mabuting pag-uugali at mahinahong magtakda ng limitasyon sa pag-aalangan.
- Ipakilala ang simpleng routines at mga gawaing bahay upang mabuo ang responsibilidad.
- Hikayatin silang gumawa ng mga pagpili at tuklasin ang mga bagong kakayahan nang mag-isa.


## C. Kaligtasan ng Bata



- Huwag iwanang walang bantay ang mga batang paslit malapit sa tubig (bathtub, pool, lawa). Ang pagkakaroon ay isa sa nangungunang panganib.



- Harangan ang hagdan gamit ang gate at panatilihin nakalock ang mga pinto patungo sa mga mapanganib na lugar.




- Gawing ligtas para sa batang paslit ang iyong bahay:
  - Gumamit ng outlet covers.
  - I-lock ang mga cabinet na may mapanganib na kemikal.
  - Ilayo ang matutulis o mainit na bagay sa abot ng bata.



- Laging magbantay sa paglalaro sa labas.



- Gamitin nang tama ang car seat:
  - Panatilihin itong rear-facing hanggang maabot ng bata ang limitasyon sa taas at timbang.
  - Pagkatapos, lumipat sa forward-facing car seat na may harness.
  - Huwag iwanang mag-isa ang batang paslit sa sasakyan, kahit sandali lang.



- Hindi inirerekomenda ang soras sa paggamit ng gadyet para sa mga batang wala pang 2 taong gulang.


## D. Kalusugan at Nutrisyon



Mag-alok ng tubig at gatas sa halip na matatamis na inumin.



Maaaring picky eater ang mga bata—mag-alok ng masustansya na pagpipilian at hayaan silang pumili.



Ipakilala ang bagong pagkain nang paunti-unti at walang pilitan.



Hikayatin ang aktibong paglalaro upang mapalakas ang katawan at koordinasyon.



Inirerekomendang tulog: 11–14 na oras kada araw (kasama ang pag-idlip).



Panatilihin ang regular na pagpapatingin at pagbabakuna.

## E. Mga Tip sa Araw-araw na Pag-aalaga:

- **Routines** – Panatilihin ang pare-parehong iskedyul para sa pagkain, pag-idlip, at oras ng pagtulog upang maging ligtas ang pakiramdam ng batang paslit.
- **Independence** – Mag-alok ng simpleng pagpipilian (hal. “asul na tasa o pulang tasa”) upang mapalakas ang tiwala sa sarili.
- **Paglalaro** – Magbigay ng ligtas na espasyo at mga laruan na angkop sa edad para sa imahinasyon at pisikal na paglalaro.
- **Wika** – Isalaysay ang mga pang-araw-araw na gawain at dagdagan ang kanilang mga salita upang mapalawak ang bokabularyo.



## Preschool (3-5 Taon)

Ang mga batang preschool ay mas nagiging mausisa, madaldal, at may mas malalim na kamalayan sa kapaligiran. Ang kanilang lumalaking pagiging independyente at imahinasyon ay nagbubukas ng daan sa pagkatuto ng bagong kasanayan, pagbuo ng pagkakaibigan, at pagtuklas ng mundo nang mas may kumpiyansa. Ang mga tagapag-alaga ay may mahalagang papel sa paggabay sa pag-unlad na ito sa pamamagitan ng mapag-arugang komunikasyon, istrukturadong routine, at ligtas na espasyo para sa paggalugad.

### A. Mga Milestone sa Pag-unlad

#### Pisikal na Pag-unlad

- Tumatakbo nang may kumpiyansa, umaakyat, tumatalon, at nagbibisikleta/tricycle.
- Gumuguhit ng mga hugis o simpleng larawan.
- Nagsisimulang magsuot at maghubad nang mag-isa.
- Gumagamit ng safety scissors sa ilalim ng pangangasiwa.

#### Pag-unlad ng Wika

- Nakakapag-usap nang maikli at nakakakuwento ng simpleng mga pangyayari.
- Gumagamit ng kumpletong pangungusap at lumalawak na bokabularyo.
- Naaalala at naisasalaysay ng mga bahagi ng kuwento at kumakanta ng mga kanta.

#### Sosyal at Emosyonal na Pag-unlad

- Nakikipaglaro nang maayos sa ibang bata.
- Nagsisimulang maunawaan ang mga alituntunin at routine.
- Nagpapakita ng empatiya at nasisiyahan sa mga grupong aktibidad.
- Nagiging mas independyente at mas may kamalayan sa ibang tao sa labas ng pamilya.

## B. Positibong Parenting Tips



- Hikayatin ang Pakikipaglaro sa Iba:
  - Hayaan ang iyong anak na makihalubilo sa mga kaedad upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbabahagi, pakikipagtulungan, at pagbuo ng pagkakaibigan.



- Pangalagaan ang Paglago ng Wika:
  - Patuloy na magbasa nang magkasama nang regular.
  - Bisitahin ang mga aklatan o tindahan ng libro upang linangin ang pagmamahal sa mga kuwento.
  - Makipag-usap sa iyong anak gamit ang buong pangungusap at ipakita ang tamang paggamit ng wika.



- Suportahan ang Independence:
  - Hayaan ang iyong anak na tumulong sa simpleng gawaing bahay.
  - Mag-alok ng limitadong, angkop sa edad na mga pagpipilian (hal. kung ano ang susuotin, mga pagpipilian sa meryenda).



- Turuan ng Problem-Solving:
  - Gabayan ang iyong anak sa pagtukoy ng nararamdaman at paghahanap ng solusyon kapag sila ay naiinis o nalulungkot.



- Maging Malinaw at Konsistent:
  - Ipaliwanag ang mga inaasahan at angkop na pag-uugali.
  - Kasunod ng "hindi," magbigay ng alternatibong gawain na maaari nilang gawin.




- Hikayatin ang Pagkamalikhain:
  - Magbigay ng mga pagkakataon para sa pretend play, pagguhit, at pagkukuwento upang pukawin ang imahinasyon.

## C. Kaligtasan at Kalusugan

### Unahin ang Kaligtasan ng Bata:



Ituro ang mga pangunahing alituntunin sa kaligtasan sa kalsada: huwag maglaro sa kalsada, huminto, tumingin, at makinig bago tumawid, at iwasang habulin ang gumugulong na bola.



Bantayan ang paggamit ng tricycle o bisikleta – manatili sa bangketa at siguraduhing may suot na helmet ang bata.



Regular na suriin ang mga gamit sa playground kung may matutulis na bahagi o maluluwag na piyesa.



Laging magbantay sa paglalaro sa labas at sa tubig; kahit sa kiddie pool, kinakailangan ang tuloy-tuloy na pagbabantay.



Ipakilala ang konsepto ng pag-iingat sa mga estranghero sa mahinahon at angkop sa edad na paraan.

## Malusog na Katawan:



Kumain nang sabay-sabay at magpakita ng mabubuting gawi sa pagkain.



Limitahan ang matatamis na inumin at mga pagkaing labis na naproseso.



Siguraduhing may 10–13 oras ng tulog sa loob ng 24 na oras (kasama ang pag-idlip).

Limitahan ang matatamis na inumin at mga pagkaing labis na naproseso. Magbigay ng mga laruan na sumusuporta sa aktibong paglalaro, pagkamalikhain, maagang pagkatuto, at pretend play, tulad ng:

- Mga set para sa pretend play at kasuotan
- Mga bloke, simpleng puzzle, at construction toys
- Mga materyales para sa sining at craft
- Tricycle, kariton (wagon), at bisikleta (may helmet)
- Mga bola, frisbee, buhangin at mga laruan sa tubig
- Lacing beads, nesting toys, at mga laruan para sa pag-button at pag-snap
- Mga libro, simpleng board games, at mga instrumentong pangmusika




## Alituntunin sa Screen Time



Panatiliing wala sa silid-tulugan ng bata ang TV at mga device.



Limitahan ang screen time sa hindi hihigit sa 1 oras kada araw.



Gumawa ng family media plan upang magtakda ng malinaw na mga inaasahan.

## D. Mga Tip sa Araw-araw na Pag-aalaga

**Mga Routine at Panuntunan:** Umunlad ang mga preschooler kapag may pare-parehong routine at malinaw na inaasahan, na tumutulong sa kanila na makaramdam ng seguridad.

**Independence:** Hikayatin ang mga kasanayan sa pag-aalaga sa sarili tulad ng pagsisipilyo ng ngipin, pagbibihis, at pagliligpit ng mga laruan

**Imahinasyon at Pagkatuto:** Magbigay ng mga open-ended na materyales (hal. mga bloke, kasuotan, gamit sa pagguhit) upang suportahan ang pagiging malikhain at maagang problem-solving.

**Mga Usapan:** Makipag-usap sa iyong anak tungkol sa kanilang araw, nararamdaman, at mga interes upang mapaunlad ang

## **Pagbabakuna**

Ang kalusugan at pag-unlad ng iyong anak ang iyong pangunahing prayoridad—at ganoon din ng inyong pediatrician! Huwag kalimutang kumonsulta sa iyong pediatrician tungkol sa iskedyul ng bakuna.

### **A. Bakit Mahalaga ang Pagbabakuna**

Pinakamabisa ang mga bakuna kapag ibinibigay sa tamang edad, ayon sa pag-unlad ng immune system ng iyong anak at sa panahong pinakamataas ang panganib na malantad sa mga sakit. Sa pagsunod sa inirerekomendang iskedyul, binibigyan mo ang iyong anak ng matibay na proteksyon sa kanilang pinaka-madaling kapitan na mga taon.

Kapag mas maraming bata ang nababakunahan sa tamang oras, mas nahihirapan kumalat ang mga sakit tulad ng tigdás at whooping cough. Ang ganitong uri ng proteksiyon ng komunidad ay nagpoprotekta hindi lamang sa iyong anak kundi pati na rin sa ibang mga bata sa paligid ng iyong anak na maaaring hindi mabakunahan.

# Pangangalaga sa Sarili ng Tagapag-alaga

Ang pag-aalaga ng mga bata ay kapaki-pakinabang ngunit maaari ring maging nakakapagod. Ang pag-aalaga sa sarili ay hindi pagiging makasarili—tinutulungan ka nitong maging mas mabuting tagapag-alaga. Maaaring lumabas ang stress bilang pagiging iritable, pagkapagod, o hirap sa pagtuon ng pansin. Ang matagal na stress ay maaaring humantong sa burnout, na nakakaapekto sa iyong mood at kalusugan. Ang pagkilala sa mga palatandaang ito ang unang hakbang tungo sa pagbangon.

## A. Mga Simpleng Paraan sa Pamamahala ng Stress

Hindi mo kailangan ng mahabang oras para makapag-reset—malaking tulong ang maliliit na hakbang:

- Maglaan ng maiikling pahinga sa maghapon para maglakad, uminom ng tsaang, o magkaroon ng tahimik na oras.
- Huminga nang malalim: Huminga papasok sa bilang na 5, ilabas sa bilang na 5. Ulitin sa loob ng 2–3 minuto. Nakakatulong ito sa pagpapakalma ng katawan at isipan.
- Gumamit ng banayad na paggalaw: Itaas ang mga braso habang humihinga papasok, ibaba ang mga ito habang dahan-dahang humihinga palabas.
- Masiyahan sa pakikipaglaro sa iyong anak: natural itong magpapababa ng iyong stress.



## B. Positibong Kaisipan at Paglutas ng Problema

Bahagi ng pagiging magulang ang mga mahihirap na araw. Kapag may mga suliranin, subukang:

- Hatiin ang malalaking problema sa maliliit at kayang pamahalaang mga hakbang.
- Ilahad ang mga posibleng solusyon at ang kanilang mga kalamangan at kahinaan.
- Humingi ng suporta sa halip na akuin ang lahat nang mag-isa.
- Alalahanin na pansamantala lamang ang mahihirap na yugto—ikaw at ang iyong anak ay sabay na lumalago sa mga ito.

Iwasang ikumpara ang sarili sa iba. Iba-iba ang paglalakbay ng bawat pamilya, at walang “perpektong” magulang.



## C. Unahin ang Pangangalaga sa Sarili

Hindi kailangang maging komplikado ang pangangalaga sa sarili. Maaari itong maging kasing simple ng:


- Pakikinig sa musikang gusto mo
- Pagbabasa ng libro o paglalakad sa labas
- Paglalaan ng oras para sa mga libangan
- Pagsasabi ng “hindi” sa mga dagdag na gawain na nakakapagod para sa iyo

Gawing regular na bahagi ng iyong routine ang self-care—planuhin ito, ipaalam sa mga tao sa paligid mo, at bigyan ang sarili ng pahintulot na magpahinga.



## D. Kailan Dapat Humingi ng Tulong

Kung ang stress ay nagiging sobra o tumatagal nang ilang linggo, huwag mag-atubiling makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal. Ang mga pediatrician, family doctor, counselor, o mga support hotline ay maaaring magbigay ng gabay. Ang maagang paghingi ng tulong ay sumusuporta sa kapakanan mo at ng iyong anak.



# Madalas na mga Katanungan

## 1. Paano kung makaligtaan ng aking anak ang isang bakuna?

Huwag mag-alala! Hindi mo kailangang magsimulang muli. Tumawag lamang sa opisina ng inyong pediatrician upang mag-iskedyul ng catch-up doses o mga habol na bakuna.

## 2. Ligtas bang makatanggap ng maraming bakuna ang aking anak sa iisang pagkakataon?

Oo. Ang mga bakuna ay sinusuri kapwa nang hiwalay at magkakasama upang matiyak na maaari silang ibigay nang sabay-sabay nang ligtas at epektibo.

Sinusuri ng mga awtoridad sa kalusugan tulad ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC), World Health Organization (WHO), at ng Department of Health (DOH) ng Pilipinas ang mga datos na ito upang matiyak na ligtas ang pinagsamang iskedyul ng pagbabakuna.



Paalala: Kung mayroon kayong alinlangan ka tungkol sa mga bakuna o sa iskedyul nito, pinakamainam na kumonsulta sa inyong pediatrician. Kasama ninyo sila sa bawat yugto ng pag-unlad at tunay na nais ang pinakamabuti


### 3. Nagdudulot ba ng sakit ang mga bakuna?

Hindi. Ang mga bakuna ay naglalaman ng pinatay o pinahinang mikrobyo na nagtuturo sa immune system ng iyong anak kung paano kilalanin at labanan ang totoong impeksyon—nang hindi nagdudulot ng mismong sakit.

### 4. Nagdudulot ba ng autism ang mga bakuna?

Hindi. Ipinapakita ng malawak na siyentipikong pananaliksik na ang mga bakuna ay hindi nagdudulot ng autism. Madalas lamang magkasabay ang paglitaw ng mga sintomas ng autism at ang iskedyul ng pagbabakuna, ngunit hindi sila magkaugnay.





- Philippine National Emergency Hotline: **911**
- DSWD
  - Globe Hotlines: **0917-110-5686** and **0917-827-2543**
  - Smart Hotline: **0919-911-6200**
  - Email: [inquiry@dswd.gov.ph](mailto:inquiry@dswd.gov.ph)
  - Official Website: <https://www.dswd.gov.ph/>
- NCMH Crisis Hotline
  - Landline: **1553**
  - Smart/TNT: **0919-057-1553**
  - Globe/TM: **0917-899-8727** and **0917-899-USAP**

# Suporta at Koneksyon















# Mga Sanggunian

American Academy of Pediatrics. (n.d.). Ages & stages. HealthyChildren.org. <https://www.healthychildren.org/english/ages-stages/pages/default.aspx>

Center of Perinatal Excellence. (2025). Managing stress in early parenthood. COPE. <https://www.cope.org.au/new-parents/looking-after-yourself/managing-stress-in-early-parenthood>

Immunizations. (n.d.). HealthyChildren.org. <https://www.healthychildren.org/english/safety-prevention/immunizations/pages/default.aspx>

Philippine Pediatric Society, Philippine Foundation for Vaccination, & Pediatric Infectious Disease Society of the Philippines. (2021). CHILDHOOD IMMUNIZATION SCHEDULE 2021. <https://pps.org.ph/wp-content/uploads/2021/03/CHILDHOOD-IMMUNIZATION-SCHEDULE-2021-edited.pdf>

Positive Parenting Tips: Infants (0–1 years). (2025, August 5). Child Development. <https://www.cdc.gov/child-development/positive-parenting-tips/infants.html>

Positive Parenting Tips: Preschoolers (3–5 years old). (2025, August 5). Child Development. <https://www.cdc.gov/child-development/positive-parenting-tips/preschooler-3-5-years.html>

Positive Parenting Tips: Toddlers (1–2 years old). (2025, August 5). Child Development. <https://www.cdc.gov/child-development/positive-parenting-tips/toddlers-1-2-years.html>

Positive Parenting Tips: Toddlers (2–3 years old). (2025, August 5). Child Development. <https://www.cdc.gov/child-development/positive-parenting-tips/toddlers-2-3-years.html>

Practical solutions for caregiver stress. (2015). Mayo Clinic. <https://www.mayoclinic.org/healthy-lifestyle/stress-management/in-depth/caregiver-stress/art-20044784>

Professional, C. C. M. (2025, April 3). Child development. Cleveland Clinic. <https://my.clevelandclinic.org/health/articles/21559-child-development>

United Nations Children’s Fund. (2023). How to reduce stress: Simple, proven ways for parents to manage stress. UNICEF. <https://www.unicef.org/parenting/mental-health/how-reduce-stress-parents>

United Nations Children’s Fund & World Health Organization. (2012). Care for Child Development. World Health Organization.

Your child care checklist. (2022). HealthyChildren.org. <https://www.healthychildren.org/English/family-life/work-and-child-care/Pages/your-child-care-checklist.aspx>





I-SCAN para mag-request ng topic  
para sa susunod na guidebooks!